# UMRAH (1 BAHAGI NG 2)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Isang madaling sunding gabay na binabalangkas ang mga kinakailangan ng bawat bagong Muslim na malaman tungkol sa Umrah, ang mas maliit na paglalakbay.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Gawaing Pagsamba › Pag-lalakbay Patungong Makkah (Hajj)

**Ni:** Abdurrahman Murad (© 2013 NewMuslims.com)

**Nai-publish sa:** 28 Mar 2018

**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin:

·Upang matutunan ang kahalagahan ng *Umrah*.

·Upang matutunan ang mga pangunahing mga kundisyong nauugnay dito.

·Upang matutunan kung paano isagawa ito.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Hajj* – Ang paglalakbay sa Meka kung saan ang manlalakbay ay nagsasagawa ng isang lipon ng mga ritwal. Ang *Hajj* ay isa sa limang mga haligi ng Islam, na ang bawat nasa hustong gulang na Muslim ay kailangang isagawa kahit man lang isang beses sa kanilang buhay kung makakaya itong tustusan at makakaya ng pangangatawan.

·*Ihram* – Isang kalagayan kung saan siya ay pinagbabawalang gawin ang ilang mga gawa na pinahihintulutan sa ibang mga pagkakataon. Ito ay kinakailangan kapag nagsasagawa ng mga ritwal ng *Umrah* at *Hajj.*

·*Izaar* – Isang pirasong telang ginagamit bilang isang tapis sa baywang para sa kapwa mga kalalakihan at kababaihan.

·*Jihad* – isang pakikibaka, pagsisikap sa ilang bagay, at maaaring tumukoy sa isang lehitimong digmaan

·*Kabah* – Ang hugis kwadradong gusali na matatagpuan sa lungsod ng Meka. Ito ay nagsisilbi bilang isang tampulan o direksyon kung saan ang lahat ng mga Muslim ay humaharap kapag nagdarasal.

·*Mahram* – isang tao, lalaki o babae na may kaugnayan sa isang partikular na indibidwal sa dugo, kasal o pagpapasuso. Siyang lalaki o babae na hindi pinapayagang pakasalan, tulad ng ama, pamangking lalaki, tiyuhin, atbp.

·*Miqat* – Isang himpilan kung saan siya ay magsusuot ng mga pananamit ng *Ihram* at papasok sa kalagayang *Ihram*.

- *Niqab* – Belong pangmukha.
- *Ridaa* – Isang pirasong telang (balabal atbp) na isinusuot paikot sa itaas na bahagi ng katawan.
- *Sa'ee* – Ito ay ang paglakad at pagtakbo sa pagitan ng mga burol ng *Safa* at *Marwa*.
- *Safa* and *Marwa* – Mga burol sa pagitan kung saan ang mga tao ay lumalakad at tumatakbo habang nasa *Umrah*.
- *Talbiyah* – Ang pagpapahayag ng panambitan ng mga Muslim habang nasa paglalakbay.
- *Tawaf* – Pag-ikot sa palibot ng *Kabah*. Ito ay isinasagawa ng pitong ikot.
- *Umrah* – Ang paglalakbay sa Banal na Bahay ni Allah sa lungsod ng Meka, Saudi Arabia. Madalas na tukuyin ito bilang maliit na paglalakbay. Ito ay maaaring isagawa anumang oras sa buong taon.

# Kahalagahan ng *Umrah*

Umrah1.jpg Image not found or type unknown

Ang kahalagahan ay matatagpuan sa maraming mga teksto; atin itong itatala dito sa pamuntong anyo.

1. "Maging matatag at isagawa ang *Umrah* matapos isagawa ang *Hajj*; sapagkat sa katiyakan ito ay mag-aalis ng kahirapan at mga kasalanan sa paraang katulad ng isang panday na nagpapadalisay ng bakal, ginto at pilak. Katiyakan ang tanggap na *Hajj* ay walang gantimpala maliban sa *Jannah* (Makalangit na Tahanan)."[1]
2. "Ang pagsasagawa ng isang *Umrah* na sinundan ng isa pa ay papawi sa lahat ng mga kasalanan sa pagitan ng dalawa."
3. "Ang *Jihad* para sa matanda, mahina at mga kababaihan ay *Hajj* at *Umrah*."[3]

# Mga Haligi ng Umrah

Mayroong tatlong mga haligi ang *Umrah*:

***Ihram***

***Tawaf***

***Sa'ee***

***Ihram***: Ang *Ihram* ay tumutukoy sa isang kalagayang pinapasok ng isang tao, kung saan siya ay pinagbabawalang gumawa ng ilang mga bagay. Kabilang dito ang paglalagay ng pabango, paggupit ng mga kuko o pagputol ng buhok at pagtakip ng ulo ng tuwirang pantakip sa ulo.[4] Ang isang lalaki ay nagsusuot ng dalawang tela na tinatawag na *"Izaar"* at "*Ridaa"*

at dapat niyang iwanan ang kanyang ulong walang takip. Ang *"Ridaa"* ay nagtatakip sa itaas na bahagi ng katawan, samantalang, ang *"Izaar"* ay magtatakip sa ibabang bahagi ng katawan.

Ang isang babae ay maaaring magsuot ng kanyang karaniwang damit, subalit hindi siya dapat magsuot ng guwantes o isang "*niqab*". Maaari niyang iladlad ang kanyang pandong o takip sa ulo sa kanyang mukha sa harap ng mga di-*mahram* na lalaki.

***Tawaf*****:** Ito ay ang pag-ikot sa palibot ng *Kabah*. Ang isang tao ay isinasagawa ito ng pitong beses.

**Sa'ee**: Ito ay ang paglakad at pagtakbo sa pagitan ng mga burol ng *Safa* at *Marwa*.

Ang mga ito ang tatlong mga haligi ng *Umrah*. Ang *Umrah* ay mayroon ding dalawang kinakailangang gawain na dapat matugunan:

1. Pagpasok sa kalagayang *Ihram* sa labas ng *Haram* (santuwaryo) lugar (mula sa *Miqat* himpilan).

2. Pag-aahit o pagpapaikli ng buhok (para sa lalaki) at paggupit ng kaunting bahagi para sa babae.

# Pamamaraan ng *Umrah*

Kapag ang isang tao ay dumating sa himpilang *Miqat*, maging ito ay sa pamamagitan ng panlupa o sa pamamagitan ng panghimpapawid dapat nilang isuot ang kinakailangang pananamit ng *Ihram*. Ang isang tao ay maaaring maglagay ng pabango sa kanyang katawan bago pumasok sa kalagayang *Ihram*, kung nanaisin niya, subalit hindi sa kanyang mga suot. Hindi siya dapat maglagay ng pabango pagkatapos pumasok sa kalagayang *Ihram*.

Bago lisanin ang himpilang *Miqat,* siya ay dapat magsabi ng: **"*Labbaik Allaahumma bi 'Umrah*"** (Narito ako O Allah bilang tugon sa Iyong panawagang magsagawa ng *Umrah*). Sa pagsasabi nito siya ay pumapasok sa kalagayang *Ihram*.

Sila magkagayun ay magsisimulang manambitan ng Talbiyah sa pagsasabing: ***"Labbaik Allaahumma labbaik, labbaika laa shareeka laka labbaik, innal-hamda wan-ni'mata laka wal mulk, laa shareeka lak"***[5].

Patuloy silang mananambaitan dito hanggang sa marating nila ang *Kabah* at magsimulang magsagawa ng *Tawaf*. Ang isang lalaki ay dapat na ilantad ang kanyang kanang balikat sa buong *Tawaf*; ito ay ginagawa sa pamamagitan ng paglalagay ng gitnang bahagi ng *Ridaa* sa ilalim ng kanang braso at pagsampay ng magkabilang dulo ng tela sa kaliwang balikat.

Pagkatapos nito, siya ay iikot sa palibot ng *Kabah* ng pitong beses; bawat yugto ay magsisimula sa Itim na Bato. Hindi niya kinakailangang pisikal na hawakan o halikan ito, subalit kapag siya ay nakahilera na dito, sisimulan nila ang kanilang pag-ikot sa puntong yaon. Habang nasa *Tawaf*, siya ay dapat isaalang-alang si Allah, paghiling sa Kanya at pagsusumamo para sa Kanyang awa. Siya ay dapat umiwas sa walang kabuluhang pangungusap at pagtawa, dahil maaaring ito ay isang beses sa tanang buhay lamang na pagkakataon na kung saan hindi dapat ito ipagwalang bahala!

Kapuri-puri para sa kanyang maglakad nang mas mabilis na paghakbang sa unang tatlong mga ikot.

Ang Propeta, nawa'y ang awa at pagpapala ni Allah ay sumakanya, ay nagsasabi ng mga sumusunod sa pagitan ng kantong Yemeni at ng Itim na Bato:

***Rabbanaa aatina fid-dunya hasanah wa fil-aakhirati hasanah wa qina 'adhaban-naar***

**Ang kahulugan**: O aming Panginoon, pagpalain kami ng kabutihan sa buhay na ito at sa susunod na buhay at iligtas kami mula sa pagpapahirap ng Impiyerno.

mqmibrm.gif Image not found or type unknown Kapag ang ikapitong ikot ay natapos na, dapat nilang takpan ang kanilang balikat at magsagawa ng dalawang yunit na pagdarasal sa likod ng *Maqam* ni Abraham (Himpilan ni Abraham[6]). Kung ito ay hindi maaari (dahil sa karamihan ng tao) magkagayun ay siya ay maaaring magdasal sa kahit saan sa Moske.

Matapos ang pagdarasal ay dapat uminom ng tubig *Zamzam* dahil sa ito ay pinagpala. Ang Propeta ay nagsabi: '**Ang tubig Zamzam ay para sa kung saan ang pag-inom.'** [7]

Sa pamamagitan nito, ang unang yugto ng *Umrah* ay nagtapos. Habang siya ay papalapit sa burol ng *Safa* sila ay bibigkas:

***"Innas-safaa wal-marwata min sha'aa-iril-laah, faman hajjal-baita a-wi'tamara falaa junaaha 'alaihi an yat-tawwafa bi-hi-maa wa man ta-tawwa'a khairan fa-innallaaha shaakirun 'aleem."***

**Ang kahulugan**: Katiyakan, ang *as-Safa* at *al-Marwah* ay kabilang sa mga simbolo ni Allah. Kaya sinumang magsagawa ng *Hajj* sa Bahay o magsagawa ng *Umrah* - walang paninisi sa kanya para sa paglalakad sa pagitan ng mga ito. At sinuman ang magkusa sa kabutihan - magkagayun katiyakan, si Allah ay mapagpasalamat at Maalam. **(Qur'an 2:158)**

Pagkatapos nito siya ay dapat magsabing: ***"Ab-da'u bi-maa bada-allaahu bihi."***

**Ang kahulugan**: Ako ay nagsimula sa kung saan nagsimula si Allah.

Ito ay binibigkas lamang sa unang pagkakataon.

Untitled-1111 Image not found or type unknown Pagkatapos nito, siya ay lalakad patungo sa bahagyang pakiling sa burol ng *Safa* at pagkatapos ay nakaharap sa *Kabah*. Ito ang pagkakataon kung saan ang pagsusumamo ay tinatanggap at dapat nilang ulitin ang kanilang mga pagsusumamo ng tatlong beses. Pagkatapos nito, ang isang tao ay dapat lumakad sa pagitan ng mga burol ng *Safa* at *Marwa* at tumakbo sa pagitan ng mga berdeng mga ilaw, hanggang sa marating nila ang burol ng *Marwa*. Dito siya ay upang magsumamo tulad ng ginawa nila sa burol ng *Safa*. Ang paglalakbay na ito sa pagitan ng mga burol ng *Safa* at *Marwa* ay itinuturing na isang biyahe; ang isang tao ay may pitong mga biyahe mula sa *Safa* at nagtatapos sa *Marwa*.

Ang huling hakbang sa *Umrah* ay paikliin o ahitin ang buhok para sa isang lalaki at gupitan ang isang maliit na bahagi para sa isang babae. Sa pamamagitan nito ang *Umrah* ay nagtatapos.

Sa ikalawang bahagi ating tatalakayin ang mahahalagang mga paksa na tumutukoy sa *Ihram* at talakayin ang mahalagang mga payo na kanyang dapat malaman kapag nagsasagawa ng *Umrah*.

---

Mga Talababa:

[1] *Tirmidthi*

[2] *Saheeh Al-Bukhari*

[3] *An-Nasa'ee*

[4] Iba pang impormasyon tungkol dito ang matatagpuan sa 2 bahagi.

[5] Ang kahulugan: Narito ako O Allah bilang tugon sa Iyong panawagan, narito ako. Narito ako, wala kang katambal, narito ako. Katotohanang ang lahat ng papuri, biyaya at kapangyarihan ay nabibilang sa Iyo. Wala kang katambal.

[6] Ito ang bahagi kung saan si Propeta Abraham ay tumindig upang itayo ang Kabah.

[7] *Ibn Hibban*

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/214/umrah-1-bahagi-ng-2

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.